Supplemental Security Income (SSI)

2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Impairment-Related Work Expenses (Mga Gastos sa Trabaho na May Kinalaman sa Kapansanan)



*Dahil sa aking kapansanan, kailangan kong magbayad para sa ilang mga bagay upang ako'y makapagtrabaho*.

## Paano naaapektohan ng mga gastos na ito ang aking mga benepisyo sa SSI?

Sa karamihan ng mga kaso, maaari naming ibawas ang mga sariling gastos para sa mga bagay na ito, na tinatawag naming impairment-related work expenses (IRWE), mula sa halaga ng mga kita na ginagamit namin upang kalkulahin ang iyong benepisyo sa SSI.

Ibig sabihin, hindi kasing laki ang ibinabawas namin sa iyong benepisyo sa SSI dahil hindi namin isinasama ang lahat ng iyong mga kita.

## Ano ang ilang mga halimbawa ng mga IRWE na maaaring ibawas?

Kung ikaw ay nagtratrabaho, maaari naming ibawas ang iyong mga sariling gastos para sa mga bagay tulad ng gamot, medical supplies, medical devices, mga nagseserbisyong hayop, at mga disposable na bagay tulad ng barandilya at hiringgilya kapag kinakalkula ang halaga ng iyong kinitang kita.

Maaari rin naming maibawas ang iyong mga sariling gastos para sa mga medikal na serbisyo tulad ng mga pagpunta sa doktor at ilang mga serbisyo ng tagapag-alaga na siningil upang ihanda ka para sa trabaho, bantayan ka habang ikaw ay nasa trabaho, o ihatid at sunduin ka sa trabaho. Maaari rin naming ibawas ang ilang mga sariling gastos para sa transportasyon at mga pagbabago sa iyong tahanan, kotse o van upang ikaw ay makapagtrabaho.

Ang ginastos ay hindi dapat isauli, at dapat may kinalaman sa iyong (mga) kapansanan at dapat kinakailangan upang ikaw ay makapagtrabaho.

## Halimbawa:

Si Ellen Jones ay tumatanggap ng mga benepisyo ng SSI dahil siya'y may kapansanan. Siya'y nagtratrabaho at kumikita ng $1025 bawat buwan, at ito ang tanging suweldo na natatanggap niya. Ang mga sumusunod ay ang kanyang mga gastos sa trabaho:

binabawasan siya ng kanyang pinaglilingkuran ng $125 para sa Pederal at Estadong income tax at mga Social Security (FICA) tax; at

nagbabayad siya ng $250 bawat buwan para sa espesyal na transportasyon na kinakailangan niya upang magpunta sa at bumalik mula sa trabaho dahil sa kanyang kondisyon.

Bagamat si Bb. Jones ay may mga gastos sa trabaho na $375 bawat buwan, ang $250 lamang ng kanyang mga kita, na ginamit niya upang bayaran ang espesyal na transportasyon, ang may kinalaman sa kanyang kapansanan at hindi isinama sa pagtiyak ng halaga ng kanyang benepisyo sa SSI tulad ng sumusunod: (Sa karaniwan, ang pampublikong transportasyon ay hindi isang IRWE.)

$1025 – $20 (pangkalahatang eksklusyon) = $1005
$1005 – $65 (eksklusyon sa trabaho) = $940
$ 940 – $250 (impairment–related work expense) = $690
$ 690 / 2 = $345
$ 345 = kita na maisasama sa kalkulasyon

## Paano kung kailangan ko ang bagay o serbisyo para sa ibang gawain at hindi lamang para sa trabaho?

Sa pangkalahatan, walang konsekwensiya kung kailangan mo rin ang bagay o serbisyo sa pang-araw-araw. Halimbawa, ang gastos para sa wheelchair ay karaniwang maibabawas mula sa mga kita na maaari naming isama kahit na ang wheelchair ay ginagamit sa pang-araw-araw at sa trabaho.

## Mayroon pa bang ibang mga patakaran na makakatulong?

Magagamit din ng isang taong may kapansanan ang ibang mga insentibo sa trabaho ng SSI, tulad ng **Plans to Achieve Self–Support (PASS)** at **patuloy na Medicaid coverage** habang nagtratrabaho.